**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**
**News and Information Bureau**

**PUBLIC BRIEFING #LagingHandaPH**
**HOSTED BY PCOO UNDERSECRETARY ROCKY IGNACIO**
**JUNE 4, 2022 (11:00 A.M. – 12:08 P.M.)**

**USEC. IGNACIO:** Magandang umaga Pilipinas. Ngayong araw ng Sabado, Siksik na naman po sa mga balita at impormasyon ang ihahatid namin sa inyo. Makakasama natin ang mga kinatawan ng pamahalaan na magbibigay-linaw sa tanong ng taumbayan.

Mula po dito sa Mindanao Media Hub sa Davao City, ako po si Usec. Rocky Ignacio, at ito ang Public Briefing #LagingHandaPH.

Mas mahigpit na seguridad ang ipinatutupad sa mga pampublikong transportasyon partikular sa mga sumasakay ng MRT. Ipinagbabawal ang pagpasok ng anumang uri ng armas sa loob ng MRT-3, gayun din ang patalim, explosives o anumang uri ng flammable chemicals. Bawal na rin ang pagdadala ng lighter at posporo. Abiso rin ng Office for Transportation Security para sa lahat ng bus operators, rail system operators, bus terminal operators at tollway operators na mahigpit na ipatupad ang approved security plan lalung-lalo na ang monitoring system at access control. Sa ngayon ay naka-heightened alert sa buong bansa dahil na rin sa sunud-sunod na pagpapasabog sa ilang lugar sa Mindanao.

Ilang araw bago ang inagurasyon ni Vice President-elect Sara Duterte na gaganapin po sa Davao City, kumustahin natin ang paghahanda na ginagawa ng Davao City Police Office para po matiyak ang seguridad sa rehiyon sa gitna ng ilang insidente po ng pagsabog sa ilang lugar doon. Makakasama po natin ngayong umaga si Police Major Maria Teresita Gaspan, ang DCPO Spokesperson. Magandang umaga po, Major.

**PMAJ. GASPAN:** Good morning po, ma'am.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Major, ilang araw na lamang po bago ang inagurasyon ni Vice President-elect Sara Duterte. Ano daw po ang mga paghahandang ginagawa ng Davao City Police Office para dito?

**PMAJ. GASPAN:** Yes po, ma'am. All set na po ang Davao City Police Office sa full security coverage na gagawin this June 19 'no, sa inauguration ng ating Vice President-elect, Mayor Sara Duterte. And at this point in time, continuous iyong planning and coordinating conference sa lahat ng security cluster na magpu-provide ng security coverage. And Davao City Police Office will be preparing around 2,000 security personnel that will provide the full coverage on that day. We will be deploying two days, from June 18 as of deployment because the organizer will be—magsi-setup na sila ng physical preparation nila. And then ang second day will be the full coverage, iyong June 19. Yes, ma'am…

**USEC. IGNACIO:** Opo. Major, naitala po iyong sunud-sunod na pagsabog sa ilang mga lugar sa Mindanao. Dahil diyan, paano ninyo daw po mas pinaiigting ang seguridad para po sa nalalapit na inauguration?

**PMAJ. GASPAN:** Yes. Since May 27, we have already activated the Davao Defense System, ma'am. It's a tactical and operational strategy wherein Davao City has conducted heightened checkpoint sa lahat ng tri-borders natin patungo dito sa—pagpasok sa city. Lahat ng mga passengers at saka vehicles ay subjected for inspection and then we have even recommended na iyong mga lalabas, isang sakayan lang, doon lang sa Davao City Overland Terminal para ma-prevent natin na hindi—no similar incident will happen like what happened in Central Mindanao. Yes, ma'am…

**USEC. IGNACIO:** Opo. Ulitin lang natin, Major, ano. Ilan po 'yung inaasahang madi-deploy sa mismong araw ng inauguration? Kailan po magsisimula itong checkpoints na inilatag po ng DCPO?

**PMAJ. GASPAN:** Actually iyong checkpoint natin ma'am, ongoing ma'am 'no. Since nangyari iyong pagsabog, we have already activated the Davao Defense System. Now, around 2,000 police personnel will be deployed, dedicated personnel will be deployed on the event, that will be on June 19. Yes, ma'am…

**USEC. IGNACIO:** Opo. Sa kasalukuyan, Major, may mga threats po ba kayong natatanggap? May mga nagpapahayag na rin po na magsasagawa ng kilos-protesta?

**PMAJ. GASPAN:** Well so far, no direct threat for Davao City. However, we'll not be complacent about it considering na iyong mga nangyari na bombing sa Central Mindanao, that's why we always beef up our security measures. And of course, we have a preparation for that, ma'am, contingency plan for that and at this point in time, peaceful and normal ang Davao City.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Major, sa ibang usapin naman po ano. Kumusta daw po iyong crime rate incident sa region sa mga nakalipas na buwan?

**PMAJ. GASPAN:** Well mababa iyong crime volume natin dito, ma'am 'no. In fact almost 50% ang pagbaba compared sa last year and we assure you na peaceful ang Davao City. And this is all because of the intensified efforts na ginagawa ng Davao City Police Office sa lahat ng mga anti-criminality operations and campaign natin with the active support of other law enforcement agencies, the community and of course the City Government of Davao.

**USEC. IGNACIO:** Oo. Major, kunin ko na lamang 'yung inyong mensahe para po sa ating mga kababayan dito sa Davao at siyempre doon po sa ating mga kababayan na baka po magtungo dito sa Davao para tunghayan itong inauguration ni Vice President-elect Sara Duterte. Go ahead po.

**PMAJ. GASPAN:** Well of course, yes ‘no, ready na po ang Davao City Police Office na mag-provide ng security coverage for that event. Ito po iyon na inaasahan nating napakalaking event na po. We encourage everyone na sumunod sa mga ini-implement ng mga pulis especially during that day and iyong mga prinohibit [prohibit] natin na dapat sana mag-follow sila like hindi mag-wear ng jacket, hindi magdala ng mga bladed weapons and others. And iyon, sumunod lang sa lahat ng mga i-implement ng mga pulis at Task Force Davao especially during that day.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Maraming salamat po sa inyong oras, Major Maria Teresita Gaspan. Salamat po.

Samantala, naniniwala si Senator Bong Go na mahalaga pa rin na maipagpatuloy ang mahigpit na pagpapatupad ng health protocols kahit pa naibaba na ng World Health Organization ang Pilipinas sa low-risk classification. Narito ang report:

[VTR]

**USEC. IGNACIO:** Para po sa ilang mga commuters na tumatangkilik ng ride-sharing app, kayo po ba ay nakakaranas na ng umano’y overcharging ng ilang TNVS. Iyan po ngayon ang tinutugunan ng Land Transportation Franchising and Regulatory Board matapos pong makatanggap ng ilang reklamo. Kaugnay niyan, makakasama po natin si LTFRB Executive Director Maria Kristina Cassion. Magandang umaga po, Director.

**LTFRB EXEC. DIR. CASSION:** Good morning po Usec. Rocky at good morning din po sa lahat ng mga sumusubaybay sa inyong programa po.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Ma’am, kumusta po itong update sa imbestigasyon ng LTFRB kaugnay sa umano’y… umano’y overcharging ng isang transport network vehicle service?

**LTFRB EXEC. DIR. CASSION:** At the outset ‘no, bigyan ko lang ng context na we received a complaint ‘no na mayroon nga iyong tinatawag na priority boarding fee at umaabot nga sa one thousand daw iyong one-way fare because of this, iyong priority boarding fee. So ang LTFRB ay sumulat ‘no doon sa TNCs, iyong Transport Network Companies – ito iyong app-based po na iyon ‘yung application na ginagamit ng ating mga TNVS po ‘no. At para tigilan na itong mga excessive na mga charges na ito – noong May 24 po natin sila sinulatan.

And then we started yesterday na nag-deploy tayo ng mystery riders in aid of the ongoing investigation po. Ang ginawa ng ating mga mystery riders ay sumakay at nag-book ‘no doon sa Grab, sa ePickmeup at dito sa JoyRide na mga TNCs kasi ito ang may mga platform ngayon na nagagamit for the TNVS po ‘no. And then we found out na si JoyRide nga po ay mayroon nga itong priority boarding. And what was sad, was that iyong isang mystery rider natin ay nag-try po ‘no na mag-book na hindi magbayad ng priority boarding fee pero wala talagang… it took him a while ‘no at wala talagang driver na kumuha noong kaniyang… noong booking

niya ano. But when he decided na, when he tried na mag-ano ng priority booking at nagbayad siya ng P100 ay agad naman na may driver po na kumuha ng kaniyang booking.

So, at the destination iyong ating mga enforcers ay nakaabang na at hinuli po natin iyong driver po na iyon for overcharging. And then wala din siyang kaukulang papel na dala, so tinikitan din po siya for failure to carry his provisional authority.

So, doon sa ibang mga TNCs naman po 'no, iyong sa Grab at saka sa ePickmeup, wala naman tayong nakita na 'priority boarding fee'. So, sa JoyRide lang po talaga natin ito nakita. And then we will be submitting by next week our report to the Board para maglabas na iyong ating Board ng kanilang desisyon or whatever order po that they deem best sa sitwasyon na ito para matuldukan na din po ito.

Iyong JoyRide naman po, nag-continue po kasi tayo po ng ating mystery rider kanina and we found out na tinigil naman na po ng JoyRide. Fortunately tinigil na din po nila iyong kanilang 'priority boarding fee'.

**USEC. IGNACIO:** Pero, Ma'am, kahit itinigil na nila, ano pa rin iyong magiging accountability dahil ginawa rin nila ito? At saka may tugon na po ba itong JoyRide sa inilabas ninyong show cause order kaugnay sa naging complaint nga po or reklamo laban sa kanila?

**LTFRB EXEC. DIR. CASSION:** There was a response po. Natanggap na po natin iyong response nila and they denied it nga daw po na nagkaroon ng excessive charges and then they were just sticking daw po doon sa fare structure ng LTFRB.

But unfortunately on the ground when we validated it, hindi naman nangyari kasi nga may 'priority boarding fee' when supposed to be, kinompute namin like for example, supposed to be ay P127 lang iyong babayaran for example, for a seven kilometer na ride, ang siningil ay P344 because of the 'priority boarding fee'. So, ganoon po siya.

Whatever their denial is, on the ground we have validated that na nangyari po talaga, na may excessive charges. So, we will be submitting our report to the Board on that po. May citation ticket po tayong na-issue, so they have to face that also.

**USEC. IGNACIO:** Director, medyo hindi po natin naiintindihan iyong sinabi ninyo, pero ulitin ko na lamang po iyong tanong, ano po? Para lang din daw po malinaw, kung hindi naman po ba daw bawal itong pagbibigay ng priority boarding fee? Ito po raw ba ay optional? At paano rin po ba daw iyong tamang computation para dito?

**LTFRB EXEC. DIR. CASSION:** Bawal nga po siya kaya nga po natin hinuli, kaya nga po tayo ay nag-warning po, kaya nga natin pinapasagot po sila. Bawal po siya kasi may fare structure po ang LTFRB at hindi po kasama itong priority boarding fee sa fare structure. Kasi sa ilalim ng memorandum circular po natin, iyong flag down rate po para sa sedan type na TNVS ay P40 and may P15 per kilometer po, and then P2 per minute travel fee.

Para naman sa premium po, ito iyong mga AUV, mga SUV, ang flag down rate po natin ay P50 na may P18 per kilometer naman na additional and then P2 per minute na travel. Habang ang hatchback or subcompact na TNVS ay P30 flag down rate na may P13 per kilometer fare rate at P2 per minute.

And then, mayroon ding tinatawag natin na 'surge rate' for extraordinary circumstances. Halimbawa, sobrang traffic ay nagkakaroon ng surge rate na may dobleng kabuuan ng fare per kilometer at per minute travel at ito ay applicable sa lahat ng uri ng TNVS.

So, based on our guidelines, ito lang po talaga iyong fare structure ng LTFRB and nowhere can you find any 'priority boarding fee.' Whether or not it's optional it does not matter kasi may standard rate po tayo. Hindi po puwede iyong may option, option na mga marketing gimmick that would add burden to the riding public and would discriminate the commuters also.

Kasi kapag sinabi mong optional ibig sabihin noon, kung sino lang ang may kaya ay iyon lang ang puwedeng sumakay, sila lang ang puwedeng i-prioritize ng boarding. Halimbawa na lang iyong nangyari doon sa mystery rider natin. Nag-book siya, hindi siya nag-priority boarding. Wala namang kumuha sa kaniya! Ibig sabihin ba manigas na lang iyong pasahero dahil wala siyang pambayad sa priority boarding?

That is not the essence of public transportation service po. That's why we have standards. Kaya nga po iyong fare rate po natin, iyong fare structure po natin ay standardized po iyan sa lahat ng TNVS po.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero, Director, kaugnay pa rin diyan ano po, kumusta naman daw po iyong pagdi-deploy ninyo ng mystery riders? Kung may mga nahuli na daw pong nananamantala sa umano'y pagtataas ng rate?

**LTFRB EXEC. DIR. CASSION:** Kagaya nga po ng sinabi ko po, kahapon ay nag-deploy po tayo ng mystery riders at nahuli po iyong si JoyRide. Nahuli po ng ating enforcer at tinikitan po natin ng overcharging po at iyong particular na TNVS po na nag-overcharge, na naningil ng priority boarding fee.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Sa usapin naman po ng accreditation ng TNVS, ano daw po ang update dito, Director?

**LTFRB EXEC. DIR. CASSION:** We will be submitting to the Board po kasi iyong ating validation on the ground through the mystery rider and then the apprehension po. So, the Board will now assess po kung anong penalty iyong ipapataw dito kay JoyRide kasi nangyari na rin po iyan kay Grab, kay Uber noon na nag-excessive charges doon sa mga surge rates kaya na-penalize po through fine and even suspension.

So, I do not want to preempt what will happen to JoyRide based on the Board's decision but those are the options of the Board, either suspension or penalty through fine.

**USEC. IGNACIO:** Director, punta naman po ako sa ibang usapin, ano po. Madami pa raw pong jeepney drivers ang hindi pa daw po nakakatanggap ng fuel subsidy kaya tumigil munang magpasada. Ano raw po iyong paliwanag dito, Director?

**LTFRB EXEC. DIR. CASSION:** At the outset po, ipaliwanag po natin na hindi po kasi sa driver po ang ating fuel subsidy program. Sa operator po ito. Kung ang driver po ay hindi nakatanggap, kulitin po niya si operator niya dahil iyong Pantawid Pasada Card ay nandoon kay operator because the operator is the legitimate franchise holder.

Si driver kasi ay empleyado ni operator kumbaga sila iyong may relationship. So, as to LTFRB kay operator natin binigay, si operator would have that responsibility to give it to the driver. Kasi may undertaking naman siyang inisyu po at this is notarized na that the operator will really give it to the driver for fuel po talaga 'no.

For those operators naman po na nagsasabi na hindi pa nila natatanggap, siguro pakitingnan na lang po sa website po natin iyong inyong mga pangalan to really verify po 'no, baka hindi ninyo lang po nakuha naman iyong card. It happened na kasi eh. Iyong nagpi-presscon noon, iyong si Manibela na sinasabi niya na hindi pa daw sila nakatanggap ng cards at hindi pa daw naipasok iyong kanilang fuel subsidy.

Remember kasi iyong mga PUJ, iyon iyong unang-una nating binigyan dahil top up na lang sila. Kasi sa Phase 1, Phase 2 sila naman ang mayroon, so wala ng cards na ibibigay sa kanila. Bale nilagyan na lang natin ng pera po iyong mga cards nila.

And true enough when we verified it through our database, iyong mga members ng Manibela ay mayroon na pong pumasok. Mayroon pa nga sa kanila karamihan ay hindi naman nila kinuha iyong card. So, paano naman sila magkakaroon ng benepisyo kung hindi naman nila binigyan ng effort na magpunta sa Land Bank para kuhanin po iyong kanilang mga cards.

So to avoid that, ang LTFRB po ay minabuti na po na i-publish sa website iyong mga pangalan po at para makita niyo po please verify kung nandoon po dahil sa ngayon ay nasa 186,000 na po ng mga pangalan ang nakalagay doon na nakatanggap out of the 264,000 na beneficiaries po natin.

We are looking at next week at the latest po na makumpleto na natin iyong 264,000 dahil iyong remaining po na 70,000 ang sabi po ng Land Bank kahapon ng umaga ay may cards na po ito at sinimulan na nating lagyan ng pera simula kahapon po. So, by next week matatapos na din natin po ito.

So again to verify, please go to the LTFRB website @ltfrb.gov.ph para pakitingnan po kung nandoon na po iyong inyong mga pangalan po.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Director, kunin ko na lamang ang inyong mensahe sa ating mga motorista at siyempre po sa ating mga commuters. Go ahead po.

**LTFRB EXEC. DIR. CASSION:** Doon sa mga TNVS patrons po natin doon, iyong mga red flag po kasi nito na mga excessive charge, iyong sobrang taas po, if you feel na parang sobrang taas naman po and if you compute base on the per kilometer na charge, malaking-malaki po talaga, please make a screenshot, screen grab of the iyong transaction po and you can send it to our Facebook page po para maimbestigahan po natin at ma-penalize po natin iyong operator po.

And then, for the regular commuters po natin, panatilihin po natin ang ating health and safety protocols po. And then, iyong ating 'Libreng Sakay' ay patuloy pa rin naman po hanggang, I think, up to July pa po ito ano, iyong ating libreng sakay po. We hope na you are able to enjoy iyong ating 'Libreng Sakay' Program po. Doon sa ating mga drivers and commuters naman po, again you can go to the LTFRB website to check if your fuel subsidy ay nasa mga cards ninyo na po ito.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Director, kami po ay nagpapasalamat sa inyong pagpapaunlak sa amin at pagbibigay-impormasyon, LTFRB Executive Director Maria Kristina Cassion. Salamat po, Director.

**LTFRB EXEC. DIR. CASSION:** Thank you po.

**USEC. IGNACIO:** Magbabalik pa po ang Public Briefing #LagingHandaPH.

[COMMERCIAL]

**USEC. IGNACIO:** Ito pa rin po ang Public Briefing #LagingHandaPH.

Para naman po muling makibalita sa estado ng bakunahan at detalye kaugnay po sa naitalang kaso ng BA.5 virus sa bansa, muli nating makakasama si DOH Undersecretary Maria Rosario Vergeire. Usec., magandang umaga po.

**DOH USEC. VERGEIRE:** Good morning po, Usec. Rocky. Good morning po sa inyong lahat.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec., naitala nga po kahapon itong dalawang kaso ng BA.5 Omicron variant. Puwede ninyo po ba kaming bigyan ng detalye tungkol dito?

**DOH USEC. VERGEIRE:** Yes, Usec. Rocky 'no. Ito pong naitala natin na BA.5 na Omicron sublineage, dalawang local po ito – they are from Region III, isa pong 39 years old female at isang 51 years old male. Sila po ay nag-travel sa Bulacan during the time of the elections para bumoto tapos may mga binisita rin po sila at pumunta sa trabaho nila dito sa NCR. And then they got their cough and colds noong May 15 po kung saan nagpa-RT-PCR na sila agad. And lumabas po iyong resulta, positibo sila so they had their isolation from May 16 to 30.

So sa ngayon po pareho sila, wala na silang sintomas – they have recovered already. They are both fully vaccinated with booster doses. Iyon pong kanilang close contact ay dalawang households lang kung saan ang isa po ang nagpositibo at naka-isolate pa rin hanggang sa ngayon.

**USEC. IGNACIO:** Ito nga pong posibleng close contact ay sumailalim na rin, Usec., sa RT-PCR test?

**DOH USEC. VERGEIRE:** Nag-RT-PCR na po siya, nag-positive siya, Usec. Rocky. Tapos nai-submit na po natin sa Philippine Genome Center para ma-sequence iyong kaniyang sample.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec., sinabi nga ninyo itong unang nakitaan natin ng BA.5 nag-travel lang po sa Bulacan. Ito pong walang travel history na sinasabi outside sa ibang bansa at ito pong nakaharap din niya, wala rin pong history ng travel? Tama po ba, Usec.?

**DOH USEC. VERGEIRE:** Yes. Tama po iyon, Usec. Rocky 'no, they only travelled within the country. Wala po silang outside of the country travel tapos iyong mga close contacts po nila, no travel history at all.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero so far, Usec., sa inyong pag-aaral ano po daw itong pinagkaiba nitong BA.5 sa ibang Omicron subvariant?

**DOH USEC. VERGEIRE:** Well base po sa mga paunang pag-aaral 'no, doon sa mga experiences from other countries, they say that BA.5 together with BA.4 is much transmissible than the BA.2 na sublineage – iyong mga BA.2.12, 2.12.1 mas nakaka-transmit daw po ito. Actually, mayroon ho silang pag-aaral na in South Africa in March, 3% lang po ang pagtaas ng kaso pero pagdating ng Mayo, naging 28% na ang growth niya. So mabilis po siyang kumalat ngunit wala naman po siyang evidence na nakakapag-cause siya ng more severe disease.

**USEC. IGNACIO:** Pero, Usec., masasabi ba natin na malaki ang tsansa na may community transmission na itong BA.5 virus sa bansa?

**DOH USEC. VERGEIRE:** Sa ngayon po, Usec. Rocky, we cannot say that there is really community transmission. Because if we say community transmission, hindi na po natin nakikita iyong linkage ng isang kaso sa isang kaso pa. So ngayon po nakikita pa naman natin, what we have right now is the local transmission of these subvariants. But the community transmission, we still need to establish that through evidences.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero, Usec., iminumungkahi po na alisin na itong public health emergency kasunod ng pagbaba ng classification ng Pilipinas sa low-risk classification. Ano po ang masasabi ninyo sa harap pa rin po nitong mga nadi-discover na bagong variant katulad ng BA.5?

**DOH USEC. VERGEIRE:** Yes, Usec. Rocky 'no. So unang-una gusto lang ho naming klaruhin na ito pong public health emergency, ang nagdeklara po nito ay WHO. So kung saka-sakaling mali-lift ito, this would be the WHO lifting this public health emergency status of the world.

Sa atin po sa Pilipinas, ang mayroon tayo [ay] state of calamity which is also equivalent to this emergency situation na mayroon tayo. Ngayon ang sinasabi ho natin, unang-una, marami pong operational implications kapag tayo ay nag-lift nitong state of calamity sa ngayon dahil nakatali po dito sa polisiyang ito, ito pong ating emergency use authority ng ating mga bakuna at saka mga gamot na ginagamit for COVID-19. Nakatali din po dito iyong human resources for health na mga benepisyong pinamimigay natin sa ating public and private workers at saka iyong mga ginagawa po nating emergency procurement.

So kailangan ho talagang pag-aralang maigi ng ating gobyerno kung paano po natin maipa-facilitate ito pong mga… ating mga procurement and iyong ating EUA para makapag-CPR na iyong mga bakuna at gamot bago natin siya mai-lift 'no o matanggal ang polisiyang ito.

Pangalawa, 'pag tiningnan ho natin ang trends ng mga kaso, nasa low-risk na po ang labinlima sa labingpitong rehiyon ng ating bansa. Ibig sabihin from minimal risk, tumaas na po sa low-risk because may nakikita tayong mga maliliit lang naman na pagtaas. Pero gusto lang ho nating makasigurado, we are closely monitoring because mayroon na ho tayong mga subvariants ngayon dito sa ating bansa.

So sa ngayon po, mayroon hong mga projection ang ating mga eksperto na 'pag nagtuluy-tuloy po na nag-wane ang immunity ng population because of the low booster uptake, maaari pong tumaas ang mga hospitalization pagdating po ng Agosto. So binabantayan ho natin maigi, let's just take this one day at a time… gradual po natin pag-aralan para po hindi tayo mabigla at magsara at magbukas ulit.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero, Usec., kumusta itong update natin sa vaccination rollout sa nagdaang mga linggo kasama na rin po itong booster?

**DOH USEC. VERGEIRE:** Well sa ngayon po, Usec. Rocky, challenge talaga tayo especially for boosters. Mababa po talaga ang uptake, mabagal… 'pag tiningnan ho natin ang ating datos, we are just covering about 15% of the eligible population for boosters. And 'pag tiningnan natin among the vulnerable katulad ng mga nakakatanda or senior citizens, 25% pa lang po sa kanila ang nagkakaroon ng booster shots so kailangan pa natin mabigyan ang 75%.

So inaanyayahan po natin lahat ng ating mga kababayan na eligible na for the third shot or the booster shot na magpa-booster na po tayo para tumaas uli ang ating proteksiyon sa ating katawan.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec., kailan po inaasahan naman masisimulan daw po itong pamamahagi ng Moderna vaccines sa mga kabataang edad anim hanggang labing isang taon?

**DOH USEC. VERGEIRE:** Yes 'no. So kamakailan po ang ating Food and Drug Administration ay nag-issue na po ng amended EUA para makasama na ang six to eleven years old sa babakunahan with Moderna vaccines. Pero we know that we have this process na pagkatapos po ng FDA, we have our health technology assessment na kailangan isagawa. So sa ngayon po, they are evaluating available evidence and kapag lumabas na po, we will give information to the public.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Kaugnay naman po, Usec., dito sa nosebleed fever virus. Puwede ninyo po ba kaming bigyan ng detalye tungkol sa sakit na ito? Saan po ba ito nakukuha at ano daw po iyong risk na maidudulot nito?

**DOH USEC. VERGEIRE:** Ito po bang nosebleed fever virus, Usec. Rocky?

**USEC. IGNACIO:** Opo, Usec.

**DOH USEC. VERGEIRE:** Opo. Ito po 'yung Crimean-Congo hemorrhagic fever 'no, so they call it the 'nosebleed fever virus'. Ito po ay nagkakaroon ng transmisyon because of ticks 'no, iyong parang mga kuto po. This is human-to-human transmission, maaari ring makuha sa mga animals 'no, puwede hong may principal vector na hayop at maipapasa sa humans. This is endemic actually in the Middle East and also in Africa.

Dito po sa atin, ang sabi po ng ating mga clinicians, mga infectious disease expert, the risk is very low para sa atin. But gayun pa man, we are trying to prepare also iyon pong mga ginagawa natin na minimum public health standards sa ngayon for COVID-19 like always washing our hands, always keeping ourselves clean and healthy, pagsusuot ng mask – these can also prevent 'no us from getting this kind of diseases as well as the other respiratory infections.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec., isunod ko lang po iyong tanong ni Michael Delizo ng ABS-CBN. Ang tanong po niya sa inyo: Sinabi ninyo po na may local transmission ng BA.5. Ano po daw ang ibig sabihin ng local transmission at ano ang ipinagkaiba nito sa community transmission?

**DOH USEC. VERGEIRE:** Yes, Usec. Rocky 'no. So when we say local transmission, we have already detected 'no itong variant na ito dito sa lokal na community na ito 'no and we can still see may linkage pa iyong mga kaso sa bawat isa. So, halimbawa po iyong BA2.12.1 nakita po natin siya sa Iloilo, sa Region VI, mayroon hong pagkaka-link ang mga kaso natin ng BA2.12 among each other.

Kapag sinabi ho nating community transmission, the detection is within the community pero hindi mo na mahanap kung saan nanggagaling ang infection, that is already community transmission. And we need evidence for us to prove that there is really community transmission at kailangan po nating ma-trace lahat nang nagkaroon para makita natin kung wala na po silang pagkaka-link sa bawat isa.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec, may tanong lang po iyong ating kasamahan sa media, babasahin ko na po ano. Tanong po mula kay Red Mendoza ng Manila Times: Ano po ang payo ng Department of Health sa ating mga kababayan ngayong papalapit na po ang panahon ng trangkaso kung saan daw po ang sintomas ay pareho na sa COVID-19?

Ano po ang mga hakbang na dapat gawin para daw po mas lalong lumakas ang resistensiya ng ating mga kababayan?

**DOH USEC. VERGEIRE:** Yes. Salamat sa question mo, Red. I think napapanahon ang iyong katanungan. Unang-una, ang sintomas po ng trangkaso is very similar with COVID-19. Nagkakalagnat ang tao, sumasakit ang kasu-kasuan, sumasakit ang lalamunan, maaaring magkakaroon din ng ubo.

So, once po na magkaroon po tayo ng ganitong mga sintomas, kailangan po mag-isolate po tayo agad. Tumawag po tayo sa ating local government so that they can manage us, makapagpa-test tayo, malaman natin kung talagang COVID ito o hindi.

Ang pinakaimportante, palagian nating suot-suot din ang ating mga mask para makapag-prevent tayo sa mga ganitong klaseng impeksiyon especially now na tumataas na po ang mga kaso ng trangkaso dito sa ating bansa.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec, basahin ko lang itong tanong ni Job Manahan baka po may madagdag lang kayo. Tanong po ni Job Manahan ng ABS-CBN: Kay Usec. Vergeire, what she meant about the local transmission? Possible po ba na may local transmission ng BA.5 sub-variant?

**DOH USEC. VERGEIRE:** Wala. Katulad nga ng sinabi ko, once we detect this sub-variant dito sa ating komunidad, malaki na po iyong ating ginagawang index of suspicion na mayroon tayong lokal na transmission dahil nakita na ho natin kung paano po at kung ano iyong linkage.

So, there are two individuals already dito sa komunidad na ito at atin pong tinitingnan pa rin ano, we are trying to trace kung mayroon pang iba na mayroong ganito. Pero kapag nagkakaroon na po kasi tayo ng tao na nadedetekta natin ng ganitong variant dito po sa ating community, the possibility that the transmission is local is very high, kasi wala po silang outside of the country na travel.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Sunod pong tanong naman ni Red Mendoza: Nakarating na rin po ba sa DOH ang mga kaso ng mga diumano'y mga batang nagkakasakit ng liver disease na katulad daw po ng hepatitis dahil daw po sa sinasabing adenovirus? Ano daw po ang payo ng DOH para daw po pag-ingatan ang mga bata sa sakit na ito?

**DOH USEC. VERGEIRE:** Well, this has been ongoing, Usec. Rocky, from the international community, lumabas na po itong balitang ito more than a month ago. At ito po ay talagang

tinututukan ng ating mga eksperto internationally on what would be the source. Ang sinasabi nila, one of the possibilities would be this adenovirus.

Ito pong adenovirus, maaari po tayong makapag-prevent nito especially sa mga nanay. Ito pong ating mga close contacts at saka respiratory droplets and infection maaari po nating ma-prevent iyong ating mga anak na magkaroon nito sa pamamagitan ng pagkakaroon ng malinis – malinis iyong bata, tapos lagi tayong naghuhugas ng kamay, we wear our mask so that the children will not get any disease from us.

Tandaan po natin, ang ating mga kabataan especially those below five years old ay wala po iyang bakuna laban sa COVID-19. So, mas maganda po as an additional benefit kung tayo ay naka-mask. We can prevent from transmitting COVID-19 as well as the other diseases that can be transmitted in the environment.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Tanong naman po mula kay MJ Blancaflor ng Daily Tribune: Wala pa pong pinapangalanan si President-elect Bongbong Marcos kung sino ang susunod na magiging Health Secretary. Pero kumusta daw po ang preparations ng DOH para sa transition?

**DOH USEC. VERGEIRE:** Tuluy-tuloy po ang trabaho ng Kagawaran ng Kalusugan. Actually, nakapagbuo na tayo ng transition committee na ipinag-utos ng Office of the President. Nagkaroon na po rin tayo ng mga several meetings at naihanda na po natin kung ano iyong mga kailangang priorities na iendorso sa papasok na administrasyon.

So, we are preparing the transition para po walang gap sa ating serbisyo kapag dumating po ang bagong administrasyon.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Sunod pong tanong ni MJ Blancaflor: May recommendation po ba si outgoing Health Secretary Francisco Duque III sa susunod na DOH chief in handling the COVID pandemic?

**DOH USEC. VERGEIRE:** Well, if I will be reading the mind of the Secretary, sa tingin ko ang ihahabilin niya dito sa bagong Secretary na darating ay ituloy lang kung ano ang naumpisahan natin dahil nakita naman natin na naging epektibo naman itong ating ginagawa.

Of course, mayroong mga areas for improvement. Mayroon din tayong mga kailangang irebisa na mga istratehiya para mas mag-improve ang ating strategies just like for vaccination para mas tumaas ang ating boosters, para tumaas pa at mahagilap natin iyong mga taong wala pang primary series, and of course palagian pa rin na ipapaalala sa mga tao na kailangan magtuluy-tuloy iyong ating minimum public health standards.

What would be best na mairerekomenda rin ni Secretary is for us to strengthen pa iyong ating health systems capacity katulad ng ating mga ospital, katulad ng ating mga rural health units and of course iyong navigation at saka referral natin kailangan ay malakas iyan para tayo ay makalaban pa sa mga susunod na buwan dito sa COVID-19 na ito.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Mula pa rin kay MJ Blancaflor: Pinag-uusapan pa po ba ang pag-lift ng COVID alert levels before the end of President Duterte's term?

**DOH USEC. VERGEIRE:** Well, kung ang ibig sabihin po ay magde-deescalate to Alert Level One, mayroon pa kasi tayong mga areas na nasa Alert Level 2 pa po at ang ating goal sana ay magkaroon ng Alert Level 1 lahat ng ating mga areas bago matapos ang term ng ating Presidente.

Pero sa ngayon medyo nahihirapan tayo because of the vaccination coverage of these areas kaya po hindi po sila ma-deescalate to Alert Level 1.

Now, if we are talking about removing the Alert Level System, mukhang hanggang sa susunod na administrasyon ay irerekomenda po ng Department of Health itong ating Alert Level System. Dahil ito po ang nagbibigay sa atin ng safeguard at nagbibigay sa atin ng guide para alam natin kung ano po ang magiging aksiyon natin base po sa risk level ng mga areas sa ating bansa.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Tanong naman po ni Job Manahan ng ABS-CBN News: Sa ibang balita naman daw po, ano daw po ang nagawa ng DOH sa ilalim ng administrasyon to improve Filipinos' mental health lalo na't ayon daw po sa isang pag-aaral ay mas tumataas daw po iyong risk ng isang tao sa mental health issues kapag tinamaan ng COVID-19?

**DOH USEC. VERGEIRE:** Well, marami ho tayong naging support systems during this time of the pandemic kasi nakita po natin na napakaimportante ng mental health especially in this time of this crisis, kaya nagkaroon po tayo ng support hotlines for this pandemic situation kung saan ang dami po nating na-cater na mga tawag at saka nai-refer natin sa ating facilities.

Pangalawa po, nagkaroon po ng collaboration. Hindi lang po ang gobyerno ang gumawa dito, mayroon pong mga volunteer organizations at saka mga private sector organizations na tumulong sa atin para makapag-setup ng mga hotlines para may nakakausap po ang ating mga kababayan especially kapag kailangan nila.

The third would be, we have expanded our access sites kung saan mayroon na ho tayong available medications na kung kinakailangan ng ating mga kababayan dito po sa mga areas na strategic na nailagay natin ang ating mga medications.

**USEC. IGNACIO:** Follow up po ni Job Manahan ng ABS-CBN: May datos kaya ang DOH kung ilan na daw pong Pilipino ang suffering from mental health problems as of last month?

**DOH USEC. VERGEIRE:** Well, for now, Usec. Rocky, I do not have the numbers kung paano po natin ito nari-report. Kung ito pong mga reports natin I do not have it right now but we can provide it to our media personnel, kung hihilingin nila, para maibigay natin iyong official natin na report.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec, may pahabol lang pong tanong si Katrina Son ng GMA News: May nakitang nagbebenta raw po na matanda na nagre-refill manu-mano ng tubig sa bottled water at sini-seal. Gaano daw po kadelikado sa kalusugan ito?

**DOH USEC. VERGEIRE:** Delikado po iyan. Unang-una, ito pong mga sealed bottled water natin ay mayroon po iyang pag-aaral o ini-evaluate po iyan ng ating Food and Drug Administration at sinasabing "It is safe and it is of quality."

Ngayon kung ire-refill natin, hindi po natin alam kung ano iyong source ng pinanggagalingan ng tubig, maaaring magkaroon tayo ng mga waterborne diseases na usong-uso po sa ngayon 'no because of the rain and because of iyon pong ating mga iba pang mga problema sa ating mga sewage and tubig 'no.

So sana po huwag nating gawin iyan, binibigyan po natin ng risk ang atin—at mapupunta sa kapahamakan ang ating mga kababayan kung gagawin natin iyan. Maaari din po kayong magkaroon ng violation regarding that matter and maisa-sanction po kayo. So huwag ho nating gawin iyan, maging malinis po tayo especially doon po sa ating mga iniinom na tubig at sundin po natin ang mga regulations natin para hindi po napapasama ang ating mga kababayan.

**USEC. IGNACIO:** Usec. Vergeire, kunin ko na lamang po iyong mensahe ninyo sa ating mga kababayan. Go ahead po, Usec.

**DOH USEC. VERGEIRE:** Yes, Usec. Rocky. So thank you very much po. Gusto lang ho namin magpaalala sa… kahit po nakikita natin ano na hanggang sa ngayon mababa pa rin naman ang mga kaso sa ating bansa ngunit nakakapag-obserba na tayo na may mga konting pagtaas sa iba't ibang bahagi ng ating bansa.

Ipapaalala lang natin na ang virus po ng COVID-19 ay nandito pa rin so kailangan patuloy pa rin po tayong nag-iingat, patuloy pa rin natin gagawin ang mga minimum public health standards, lalung-lalo na lagi tayo dapat naka-mask nang tama po ang suot natin and most specially at pinakaimportante, magpabakuna po tayo.

Ngayon po na tayo po ay nasa kalagitnaan na ng taon, bumaba na po ang immunity natin galing po doon sa primary series – so iyong unang dalawang bakuna na naibigay sa atin. So kailangan po ma-boost natin ang immunity natin, pataasin uli ang proteksiyon by receiving our booster doses. By having these, tayo po ay patuloy na mapuprotektahan at tayo po ay maaaring makarating na doon sa new normal na gusto nating lahat na puwede na nating maisabuhay uli iyong dati nating mga buhay bago nagpandemya.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Maraming salamat po sa inyong oras at impormasyon, Undersecretary Maria Rosario Vergeire mula po sa Department of Health. Usec., salamat po.

**DOH USEC. VERGEIRE:** Maraming salamat po.

**USEC. IGNACIO:** Mga pamilyang nasunugan sa Taytay, Rizal ang binisita ng outreach team ni Senator Go. Tiniyak naman ng senador sa publiko na patuloy na sinusulong ang kalidad ng serbisyong medikal para sa lahat. Narito ang report:

[VTR]

**USEC. IGNACIO:** One day clearance policy sa Region VII ipinatutupad. Layon po ng NBI Region VII na mas mapabilis pa ang paghahatid ng serbisyo sa ating mga kababayan sa rehiyon. Ang detalye sa report ni John Aroa ng PTV-Cebu.

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Bilang bahagi ng Build, Build, Build program ng administrasyong Duterte, isinagawa ang groundbreaking ng dalawa sa tatlong tulay na itatayo sa probinsiya ng Tawi-Tawi para makonekta ang higit tatlongdaang isla sa main island. Hudyat ito ng paglago at pag-unlad ng ekonomiya at kalakalan sa pinakadulong probinsya ng Pilipinas. Ang report mula kay Karen Villanda.

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** At iyan po ang mga balita at talakayang tampok namin ngayong araw. Ang Public Briefing ay hatid sa inyo ng iba't ibang sangay ng PCOO sa pakikipagtulungan ng Department of Health at kaisa ng Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas o KBP.

Mula pa rin po dito sa Mindanao Media Hub sa Davao City, ako po si Usec. Rocky Ignacio. Magkita-kita po muli tayo sa Lunes dito lang sa Public Briefing #LagingHandaPH.

##